Pangalan: ___________________________Petsa: ____________ Iskor: ______

# ANO ANG UUNAHIN, ALIN ANG PIPILIIN?

**Panuto:** Basahin ang mga gawaing nakapaloob sa kahon. Ang mga ito ay makatutulong sa paglinang ng iyong pagpapahalaga sa edukasyon ngayong nasa *Distance Learning* ang pag-aaral. Isulat ang letra ng wastong sagot sa isa pang kahon na nasa ibaba. Siguraduhin na ang iyong sagot ay angkop sa hinihingi ng kolum.

A. Aklat
B. Bag
C. *Ballpen/notebook*
D. Baong pera
E. *Cellphone/laptop/tablet*
F. Drinking glass
G. *Internet connection*
H. Kuryente
I. Lunch box
J. Sapatos

K. Bumili ng gamit sa department store
L. Komunsulta sa guro kapag may nais itanong sa modyul
M. Magbasa ng modyul
N. Maglalaba
O. Magtanim ng halaman
P. Matulog nang hustong oras
Q. Paghingi ng gabay ng magulang
R. Pakikipagkita sa kaibigan
S. Sumali sa group chat ng klase
T. Wastong pamamahala sa oras

| **Limang bagay na makatutulong sa paglinang ng pagpapahalaga sa edukasyon** | **Limang gawain na makatutulong sa paglinang ng pagpapahalaga sa edukasyon** |
|---|---|
| | |



**Tiyak na Panahon: Kwarter 3 Ika 5-6 na Linggo**
**Kasanayan: Natutukoy ang mga tiyak na hakbang upang mapataas ang antas ng pagpapahalaga.**
**Note to the Teacher: Kung walang printed material, maaaring isulat ng mga mag-aaral ang sagot sa kanilang notebook o EsP journal**.

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

Pangalan: ___________________________Petsa: ____________ Iskor: _____

# *LEVEL-UP* BA?

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na sitwasyon at suriin kung makatutulong sa pagpapaunlad ng pagpapahalaga ang gawain ng mga tauhan sa sitwasyon. Lagyan ng ↑ ang bilang kung ang gawain ay makapagpapaunlad at ↓ kung hindi.

___1. Bukod sa pag-iwas sa pagkain ng labis na matatamis, sinasanay ni Chelly na kumain ng gulay araw-araw at mag-ehersisyo upang maging malakas at malusog.

___2. Dahil sa *online learning* nagkaroon ng pagkakataon si Rustom na makasalisi ng paglalaro ng *mobile legend* lingid sa kaalaman ng kanyang ama.

___3. Nagnanais si Anika na makaabot ng 95 ang marka upang makakuha siya ng *Scholarship.* Bukod sa paggawa ng mga kailangang *outputs* at *performance tasks* sa *on line learning*, nanonood din siya ng mga *tutorial* sa English at Math sa *Youtube*.

___4. Ginamit ni Brent ang kaalaman at kasanayan niya sa *Taekwondo* upang mam- *bully* sa paaralan.

___5. Ang *group chat* ng klase nina Dindo at Fernan sa *Facebook* ay ginagamit din nila upang magkopyahan ng takdang aralin.

___6. Upang hindi mahikayat na bumili ng mga bagay na hindi kailangan, hindi naglalagay sa cellphone ng mga *on line shopping application* si Reina.

___7. Nagpasya si Ronalyn na tumigil na lamang sa pag-aaral dahil hindi niya masagutan ang mga *modules.*

___8. Sa kabila ng malaking suweldo, sinisikap pa rin ni Robert na maging simple ang kanyang uri ng pamumuhay.

___9. Bukod sa paglilinis ng kanilang bakuran tumutulong din si Susan tuwing may *clean-up drive* sa kanilang barangay.

__10. Sinisikap ni Rochelle na mapanatili ang kapayapaan ng isip sa pamamagitan ng hindi pagbabasa ng mga post sa F*acebook* na nakaka *stress*.



**Tiyak na Panahon: Kwarter 3 Ika 5-6 na Linggo**
**Kasanayan: Natutukoy ang mga tiyak na hakbang upang mapataas ang antas ng pagpapahalaga.**
**Note to the Teacher: Kung walang printed material, maaaring isulat ng mga mag-aaral ang sagot sa kanilang notebook o EsP journal**.

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

Pangalan: ________________________ Petsa: ____________ Iskor: _____

# SAANG ANTAS NG PAGPAPAHALAGA NABIBILANG?

**Panuto:** Basahin ang mga pangungusap at ilagay ito sa angkop na kolum ng Hirarkiya ng Pagpapahalaga. Suriin kung saang antas nabibilang ang mga pinahahalagahan ng mga tauhan sa sitwasyon. Isulat ang letra ng sagot sa loob ng antas kung saan ito nabibilang. Gamitin ang pormat sa ibaba.

| Pandamdam na Pagpapahalaga | Pambuhay na Pagpapahalaga | Ispiritwal na Pagpapahalaga | Banal na Pagpapahalaga |
|---|---|---|---|
| | | | |

A. Araw-araw ay nagbabasa ng Banal na aklat ng kanilang relihiyon si Fatima.

B. Kinukumpuni kaagad ni Mang Antonio ang anumang makita niyang sira sa kanilang bubong upang hindi na ito lumaki pa.

C. Pinintahan ni Francis ang pader ng kanilang bakuran upang maging malinis at maganda sa paningin.

D. Nagsusuot ng *face mask* at *face shield* si Richelle upang maproteksyunan ang sarili sa banta ng COVID-19.

E. Tinutulungan ni Cristina ang isang kamag-aral na hindi maunawaan ang natapos na aralin sa pamamagitan ng pagpapaliwanag dito.

F. Sinisikap ni Leony na makatulog ng walong oras bawat araw upang lumakas ang resistensya.

G. Sinisimulan ni Benny ang kanyang araw sa pamamagitan ng taimtim na pananalangin ng pasasalamat sa Diyos.

H. Nilagyan ni Albert ang lahat ng maaaring paglagyan ng tubig dahil may anunsyo ang Maynilad na mawawalan ng tubig sa susunod na araw.

I. Hindi agad nagpapahayag ng opinyon si Jeff hangga't hindi niya naririnig ang dalawang panig.

J. Nag-uukol ng tahimik na sandali sa pagninilay si Luis gabi- gabi bago matulog.



**Tiyak na Panahon: Kwarter 3 Ika 5-6 na Linggo**
**Kasanayan: Natutukoy ang mga tiyak na hakbang upang mapataas ang antas ng pagpapahalaga.**
**Note to the Teacher: Kung walang printed material, maaaring isulat ng mga mag-aaral ang sagot sa kanilang notebook o EsP journal.**

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**

Pangalan: ___________________________Petsa: ____________ Iskor: _____

# ALIN ANG MAHALAGA?

**Panuto:** Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon. Isulat ang sagot sa papel

Sitwasyon A

Sa panahon ng pandemya, ang unang binibigyang pansin ng pamahalaan ay ang pangangalaga sa buhay. Suriin kung ano sa sumusunod na gawain ang nagpapakita ng tiyak na hakbang sa pagpapataas ng antas ng Pambuhay na Pagpapahalaga (Vital values). Isulat ang titik ng limang wastong sagot.

A. Pag-alam sa mga totoong impormasyon hinggil sa COVID-19
B. Pag-*attend* sa *online classes.*
C. Paggawa ng mga takdang-aralin
D. Pagkain ng masustansyang pagkain upang maging malusog.
E. Pagpapahiram ng nagamit ng *face mask* sa kapatid.
F. Pagpapaunlak sa imbitasyon ng kamag-aral sa isang party.
G. Pagpunta sa mall kasama ang mga kabigan.
H. Pagsunod sa alituntunin ng Kagawaran ng Kalusugan at IATF.
I. Pagsusuot ng *face mask* at *face shield* tuwing lalabas ng bahay
J. Sapat na oras sa pagtulog sa bawat araw.

Sitwasyon B

Kaakibat ng pangangalaga sa buhay ay may pananagutan din ang bawat isa sa kapwa at sa lipunang kanyang kinabibilangan. Suriin kung ano sa sumusunod na gawain ang nagpapakita ng tiyak na hakbang sa pagpapataas ng antas ng Ispiritwal na Pagpapahalaga (Spiritual values). Isulat ang titik ng limang wastong sagot.

A. Pagbibigay ng tulong sa kapitbahay na hindi nabigyan ng ayuda ng barangay.
B. Pagdalo sa *family reunion* kasama ang mga kamag-anak.
C. Pagkuha ng permit sa pamahalaang bayan/lungsod kung magnenegosyo.
D. Paglabas ng bahay kahit hindi naman kinakailangan.
E. Pagpapaalala sa mga kabarangay na magkaroon ng *social distancing.*
F. Pagpapasalamat sa mga *frontliners* sa pamamagitan ng pagpopost ng kanilang mga kabayanihan sa ipinopost sa iba't-ibang *social media platforms.*
G. Pagpunta sa bagong bukas na pasyalan sa lungsod.
H. Pagsi share ng lahat ng nakikitang post sa *Facebook.*
I. Pagsunod sa itinakdang *curfew* ng pamahalaang bayan/lungsod.
J. Pamamahagi ng *face mask* at alkohol sa mga kabarangay.



**Tiyak na Panahon: Kwarter 3 Ika 5-6 na Linggo**
**Kasanayan: Natutukoy ang mga tiyak na hakbang upang mapataas ang antas ng pagpapahalaga.**
**Note to the Teacher: Kung walang printed material, maaaring isulat ng mga mag-aaral ang sagot sa kanilang notebook o EsP journal.**

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**